Republic of the Philippines
Department of Education
Region III – CENTRAL LUZON
Schools Division of Angeles City
ANUNAS ELEMENTARY SCHOOL
Purok 2 Brgy. Anunas, Angeles City

# IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT SA ARALING PANLIPUNAN 2
## Taong Aralan 2023-2024

Pangalan: ______________________________ Marka: ____________
Baitang at Seksyon: ______________________

**Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.**

_____1. Alin sa mga sumusunod ang yamang lupa?
A. alimango
B. hipon
C. mais
D. perlas

_____2. Pagmimina ang trabaho ni Tatay Berto at ng mga tao sa kanilang lugar. Bakit pagmimina ang trabaho ng mga tao sa lugar nina Tatay Berto?
A. Dahil sila ay nasa kapatagan
B. Dahil sila ay malapit sa gubat
C. Dahil sila ay malapit sa dagat
D. Dahil maraming mineral na makukuha sa kanilang lupa

_____3. Anong produkto ang maaaring magawa mula sa mani?
A. kuwintas
B. mesa
C. *peanut butter*
D. sinturon

Address: Purok 2, Anunas Angeles City
Email: emganzon.es@depedangelescity.com
School ID: 107040

LIVEWORKSHEETS

______4. Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa lugar nina Bitoy. Bakit pagsasaka ang hanapbuhay nila roon?

A. Dahil sila ay nasa lungsod
B. Dahil nakatira sila sa may tabing-dagat
C. Dahil maraming mineral na makukuha doon
D. Dahil patag at mataba ang lupa sa lugar nila

______5. Napaliligiran ng dagat ang komunidad nina Kaloy, kaya pangingisda ang pangunahing hanapbuhay nila rito. Bakit pangingisda ang hanapbuhay ng mga tao rito?

A. Maraming isda ang mahuhuli sa kanila
B. Kakaunti na lang ang isda sa kanila
C. A at B
D. Wala sa nabanggit

______6. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng **di-nabubulok** na basura?

A. dahon ng saging
B. balat ng mga gulay
C. plastik ng *shampoo*
D. balat ng mga prutas

______7. Alin ang sanhi ng pagbaha sa ating komunidad?

A. paninigarilyo
B. pagsusulat sa pader
C. pag-ihi sa pader at poste
D. pagtatapon ng basura kahit saan

______8. Ano ang dahilan kung bakit nawawalan ng tirahan ang mga ibon sa gubat?

A. dahil sa paninigarilyo
B. dahil sa pagsusulat sa pader
C. dahil sa pagpuputol ng mga puno
D. dahil sa pag-iihi sa pader at poste


LIVEWORKSHEETS

______9. Anong magiging bunga kung patuloy na magtatapon ng basura ang mga tao sa ilog?

A. dadami ang isda
B. matutuyo ang ilog
C. magiging malinis ang tubig
D. dudumi ang tubig at mamamatay ang mga isda

______10. Si Mark ay laging nagtatapon ng basura kahit saan, ano kaya ang magiging epekto nito sa komunidad?

A. babaho at magiging madumi ang komunidad
B. magkakasakit ang mga tao
C. babaha kapag umuulan
D. lahat ng nabanggit

______11. Ano ang masamang dulot ng pagsusunog ng basura?

A. polusyon sa lupa
B. polusyon sa dagat
C. polusyon sa hangin
D. polusyon sa tubig

______12. Pagkatapos maglinis ng kapaligiran, saan mo dapat itapon ang mga basura na iyong naipon?

A. itapon sa ilog
B. itapon sa kanal
C. itapon kahit saan
D. itapon sa tamang lalagyan

______13. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa pangangalaga sa mga likas na yaman?

A. Magtapon ng basura kahit saan.
B. Gumamit ng dinamita sa pangingisda.
C. Putulin ang mga puno ng walang pahintulot.
D. Magsumbong sa kinauukulan kung may nakitang sumisira sa mga likas na yaman.



LIVEWORKSHEETS

______14. Tungkulin ng ama't ina na ibigay ang mga pangunahing pangangailangan ng mag-anak. Bakit tungkuling ibigay ng ama't ina ang mga pangunahing pangangailangan ng mag-anak?

A. Para maging maayos ang kanilang buhay.
B. Para maging magulo ang kanilang buhay.
C. Para maging malungkot ang kanilang buhay.
D. Para maging miserable ang kanilang buhay.

______15. Ang mabuting pinuno ay may katangian ng pagiging maka-Diyos, makakalikasan , makatao at makabansa? Bakit kailangang ugaliin ito ng isang mabuting pinuno?

A. Para maging maayos ang isang komunidad.
B. Para maging magulo ang isang komunidad.
C. Para maging malungkot ang mga tao sa isang komunidad.
D. Para magka away-away ang mga tao sa isang komunidad.

______16. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pangangalaga sa kapaligiran?

A. pumipitas ng mga bulaklak
B. kinakalat ang mga pinagbalatan
C. nagtatanim ng mga puno at halaman
D. nanghuhuli ng mga hayop na malapit nang maubos

______17. Sino ang namumuno sa paaralan?

A. doktor
B. kapitan
C. pari
D. prinsipal o punong-guro

______18. Alin ang naglalarawan sa trabaho ng isang ***barangay health worker***?

A. Nag-aayos ng sirang linya ng tubig
B. Pinapanatili ang kalinisan ng mga daan
C. Kasamang nagbibigay ng libreng bakuna
D. Nanghuhuli ng mga isda at iba pang lamang dagat


LIVEWORKSHEETS

______19. Ano ang naiaambag ng isang **doktor** sa kaunlaran ng komunidad?

A. Nagbibigay ng pabahay sa mahihirap
B. Nanghuhuli ng mga hindi sumusunod sa batas
C. Nag-aapula ng sunog at sinasagip ang nasunugan
D. Nagbibigay ng serbisyong medikal sa mamamayan

______20. Napinsala ang inyong lugar ng malakas na bagyo. Kung ikaw ang pinuno, ano ang maaari mong gawin para matulungan ang mga nasasakupan mo?

A. Mamigay ng relief goods o lingap sa mga nasalanta
B. Puntahan ang mga nasalanta at kumustahin
C. A at B
D. Walang gagawin

.

______21. Alin sa mga sumusunod ang maaaring mong gawin upang palakasin nang tama, maayos at makatuwirang pamumuno?

A. Pumili ng mayamang pinuno.
B. Makiisa sa programa ng pinuno.
C. Humingi ng humingi sa pinuno.
D. Wala sa nabanggit.

______22. Alin sa mga sumusunod ang HINDI katangian ng isang mabuting pinuno?

A. maka-Diyos
B. mapagbigay
C. mapagkakatiwalaan
D. maramot

______23. Kaagad na rumesponde ang.pamahalaan at nagbigay ng tulong sa mga nasunugan. Anong mabuting katangian ang ipinapakita sa sitwasyong ito?

A. maagap
B. maka-Diyos
C. mapagbigay
D. mapagkakatiwalaan



LIVEWORKSHEETS

_____24. Alin sa mga sumusunod ang epekto ng maayos na pamumuno sa tahanan?

A. Nag-aaway ang nanay at tatay

B. Hindi nagkakasundo ang mga magkakapatid

C. Nagkakaisa at nagmamahalan ang bawat isa

D. Nagpapakita ng walang displina ang mga anak

_____25. Alin sa mga sumusunod ang magandang epekto ng pagkakaroon ng isang tapat na lider sa kanyang nasasakupan?

A. Magiging marumi ang buong komunidad

B. Magkakaroon ng problema sa kalusugan

C. Babagal ang pag-unlad ng buong komunidad

D. Magkakaroon ng katahimikan ang buong komunidad

Address: Purok 2, Anunas Angeles City
Email: emganzon.es@depedangelescity.com
School ID: 107040



LIVEWORKSHEETS

Prepared by:

**<u>Norielyn G. Agustin</u>**
Teacher I

Checked by:

**<u>Anita M. Cabrera</u>**
Master Teacher II

Reviewed by:

**<u>Mary Joyce C. Kabigting</u>**
Head Teacher II

Noted by:

**<u>Alan B. Nacu</u>**
Principal II



LIVEWORKSHEETS